

Form **14446 (TL)**
(October 2016)

Department of the Treasury - Internal Revenue Service

Pahintulot ng Taxpayer [nagbabayad ng buwis] sa VITA/TCE na Di-Harapan

OMB Number
1545-2222

Kinakailangan ang form na ito kailanman nakumpleto ang tax return at/o na-review ang kahusayan sa kapaligirang di-harapan. Dapat ipaliwanag ng site na ito sa taxpayer ang paraang gagamitin ng site na ito upang mahanda ang return [ulat ng buwis] ng taxpayer. Kung nauukol, dapat din abisuhan ang mga taxpayer ng lahat na mga paraan at ang mga kasamang panganib kung ililipat ang kanilang data mula sa isang kinaroonang site sa ibang paroroonang site (na gamit ang paraang C o D).

Part I - Kukumpletuhin ng site ng VITA/TCE:

Pangalang ng site na Pangunahin/Tumanggap

Address ng site (*Kalye, Lunsod, State ZIP Code*)

Site identification number (SIDN, o pagkilalan ng site)

Pangalan ng site coordinator [tagapagtugma]

Pangalan ng site contact [tagapag-ugnay]

Telephone number ng site contact

Ginagamit ng site na ito ang (mga) sumusunod na paraan na VITA/TCE na Di-harapan upang mahanda ang inyong tax return:

- A. Plano sa Pansamantalang Contingency [anumang mangyayari] ng VITA/TCE** Gumagamit ang site na ito ng pansamantalang paraan panghatid kapag may nangyaring mga paghinto ng internet, mga pagtigil ng software, o kung kulang sa site ang mga napatibayang tagapaghanda/taga-review ng kahusayan.
- B. Site Panghatid:** Gumagamit ang site na ito ng paraan na kabilang ang site na nag-aalaga ng mga impormasyong makakapagkilala sa isang tao (mga social security number, Form W-2, atbp.) upang mahanda ang tax return sa ganyon ding site ngunit sa pagkaraan na panahaon. Sa paraang ito, babalik kayo sa gayon ding site para sa pag-review ng kahusayan at/o lagdaan ang nakumpletong tax return. Ipapaliwanag ng site ang paraan na gagamitin nito upang makiugnay sa inyo kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon upang mahanda at/o ma-review ang kahusayan ng tax return.
- C. Site Panghatid at saka Site Panghanda at/o Pang-review ng Kahusayan ng Return:** Kabilang sa paraan na ito ang pag-iwan ng taxpayer ang impormasyong makapagpakikila sa kanila (*mga social security number, Form W-2 at iba pang papeles*) sa site upang mahanda at/o ma-review ang kahusayan ng tax return sa ibang lugar. Sa paraan na ito, maaaring ipadala ang impormasyon ng tax return ng taxpayer sa ibang lugar dahil sa isa o higit pang sumusunod na dahilan: pag-interview ng taxpayer, paghanda ng tax return, o pagsasagawa ng review ng kahusayan. Babalik ang taxpayer sa site na tumanggap para sa pag-review ng kahusayan at/o lagdaan ang nakumpletong tax return. Kung kinakailangan, ipapaliwanag ng site ang paraan na gagamitin nila upang makiugnay sa taxpayer kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon habang hinahanda o rini review ang kahusayan ng tax return.

Ililipat ang impormasyong makakapagkilala sa inyo sa kabilang lugar sa pamamagitan ng:

E-mail

Fax

Koreo

Iba pa (*ipaliwanag*) _____

D. Iba Pang Pinahitulang Paraan (ipaliwanag)

Impormasyon Pam-pakikiugnay sa Site (*impormasyon ng site para sa site na tatanggap ng impormasyon ng taxpayer upang mahanda at/o ma-review ang kahusayan ng kanilang tax return, kung alam.*)

Address ng site (*Kalye, Lunsod, State ZIP Code*)

SIDN

Pangalan ng site coordinator

Pangalan ng site contact

Telephone number ng site contact

Panatilihin ang Page Two ng form na ito sa site na kasama ang lahat ng kinakailangang papeles.

Part II: Ang Paraan:

Habang nagaganap ang Paraang Pagtanggap inyong kakailanganin na:

- Lagdaan ang Form 14446 na ito.
- Kumpletuhin ang Form 13614-C, Pahina Pangtanggap/Pang-interview & Pang-review ng Kahusayan
- Nasa inyo ang lahat ng mga papeles na kinakailangan upang mahanda ang wastong tax return.
 - o Picture Identification [pagkilanlang may-letrato] para sa sarili ninyo at sa inyong asawa (*kung nauukol*)
 - o Mga Form W-2, 1099 at/o iba pang mga papeles ng kinita upang itaguyod ang Kita, Gastos at mga Pangyayari sa Buhay na nakalista sa Form 13614-C.
 - o Mga social security card (*o iba pang pinapayagang papeles pagpatutunay ng social security*) o mga Individual Tax Identification Number (*pagkilanlan panbuwis*) ninyo, ng inyong asawa at mga maaring dependent [umaasa] (*kung nauukol*).
 - o Anumang iba pang papeles na kinakailangan upang mahanda ang wastong return.
- Makilahok sa isang interview kasama ng volunteer upang tukuyin ang lahat ng impormasyon na pinagkakaloob sa Form 13614-C upang tiyakin na nasa tagapaghanda ang lahat na kakailanganin nila upang mahanda ang inyong tax return.

Habang nagaganap ang Paraang Pampaghanda ng Return:

- Kung kinakailangan, maaaring makikiugnay sa inyo para sa karagdagang impormasyon. Kung gayon, paki-sundan ang mga planong ginagamit upang makiugnay sa isa't isa upang tiyaking nakikipag-usap kayo sa angkop na tagapag-ugnay sa site at tinatalakay nila sa inyo ang inyong impormasyon pang-return.
- Kung nasa tagapaghanda na ang lahat ng kinakailangan upang mahanda ang return, hindi ka tatawagan hanggang makumpleto ang return.

Habang nagaganap ang Paraang Pang-review ng Kahusayan kailangang kayo (at iyong asawa kung nauukol) na:

- Makilahok habang nagaganap ang Paraang Pang-review ng Kahusayan.
- I-review ang inyong nakumpletong tax return upang tiyaking wasto ang mga pangalan, mga social security number, address, impormasyon ng bangko, kita, gastos. Mahalaga ito dahil sa pangwakas inyong pananagutan at ng inyong asawa (*kung nauukol*) ang lahat ng impormasyon na nasa tax return.
- Lagdaan ang Form 8879, *Pagbigay-kapangyarihan ng Lagda sa IRS e-file (paraan sa internet pangharap ng return)*, pagkatapos na makumpleto ang Pag-review ng Kahusayan.

Part III: Mga Pahintulot ng Taxpayer:

Hiling na I-review ang inyong Tax Return para sa Kawastuhan:

- Upang tiyakin na tumatanggap kayo ng mahusay na mga serbisyo at wastong nahandang tax return sa site ng volunteer, nagpipili nang ala-swerte ang IRS upang i-review ng mga site pampaghanda nang walang bayad ng tax return. Kung may makilalang pagkakamali, gagawin ng site ang mga kinakailangang pagwawasto. Hindi tinatago ng IRS ang anumang impormasyong pansarili mula sa inyong tax return na na-review at pinapayagan nito na matasahan nila ang mga program na VITA/TCE na paghanda ng return para sa mga tax return na nahanda nang wasto. Kung hindi ninyo gustong masama ang inyong return na malahok sa paraang pag-review, walang epekto iyon sa serbisyong ipagkakaloob sa inyo sa site na ito. Kung mapili ang site na naghahanda ng inyong return, pahihintulutan ba ninyo na ma-review ang inyong return para sa kawastohan, ng isang nagtatrabaho sa IRS?

Oo Hindi

Kahilingan na gamitin ang Paraan na VITA/TCE na Di-harapan:

- Kung pumayag kayo na mahanda ang inyong tax return at hawakan ang inyong mga papeles na pambuwis sa paraan sa nauuna, kinakailangan ang inyong lagda sa papeles na ito. Ibig sabihin ng inyong paglagda sa papeles na ito na pumapayag kayo sa mga paraan na ipinahayag sa nauuna para sa paghanda ng tax return para sa inyo. (*Kung Married Filing Joint return [kasal na magkasosyong nagsasampa ng return] ito, dapat maglagda ang kapwa mag-asawa at petsahan ang papeles na ito.*) Kung inyong piliin na huwag lagdaan ang form na ito, maaaring hindi namin mahahanda ang inyong tax return ngayong araw.

Naka-print na pangalan		Naka-print na pangalan (<i>Asawa, kung Married Filing Joint</i>)	
Araw ng Pagsilang	Huling apat na tambilang ng Social Security/ITIN number	Araw ng Pagsilang	Huling apat na tambilang ng Social Security/ITIN number
Lagda		Lagda	
Petsa	Telephone number	Petsa	Telephone number
Email address		Email address	